6

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 Markahan – Linggo 4-7
## Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto
### Learning Activity Sheets (LAS)



**SCHOOLS DIVISION OF DINAGAT ISLANDS**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 6**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**

**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writer:** Tyme T. Miole

**Editor:** Christopher D. Balatero, Merlinda T. Japay,
Prescilla P. Capisnon, Rhey G. Eder

**Reviewers:**

**Layout Artist:** Jay S. Mateo, Kevin L. Madera

**Management Team:**

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO VI |
| OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |
| Education Program Supervisor, LRMS | MICHAEL C. PASO, PhD |
| Project Development Officer II | |
| SDO Librarian II | NARMIE S. NAVAS |

**Printed in the Philippines by** ________________________________________

Department of Education – Learning Resource Management Section
Office Address: White Beach, Dinagat, Dinagat Islands
E-mail Address: sample@gmail.com, lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph
Telephone no.: ________________________

**Linggo 4**

# Pagtugon ng Pamahalaang Roxas sa mga Suliranin at mga Hamong Kinaharap ng mga Pilipino



## *Panimula*


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets** ) ay dinisenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-anim na baitang upang matalakay ang mga programang ipinatupad ng iba’t ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maipamalas ang mapanuring pag-unawa sa mga programang ipinatupad ng iba’t ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1: Ang Panunungkulan ni Manuel A. Roxas**
**(Hulyo 4, 1946 – Abril 15, 1948)**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. nasusuri ang mga patakaran at programa ng pamahalaan upang matugunan ang mga suliranin at hamon sa kasarinlan;
2. naiisa-isa ang mga kontribusyon ng bawat pangulo na nakapagdulot ng kaunlaran sa lipunan at sa bansa;
3. nakabubuo ng kongklusyon tungkol sa pamamahala ng mga nasabing pangulo.



# *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Basahing mabuti ang bawat pahayag at tukuyin ang hinihingi nito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang sanhi ng pagkamatay ni Manuel A. Roxas?
   A. atake sa puso
   B. pagkamatay sa digmaan
   C. pagkamatay sanhi ng katandaan
   D. pagbagsak ng sinasakyang helikopter
2. Sino ang kauna-unahang pangulo ng Ikatlong Republika?
   A. Carlos Garcia
   B. Manuel Quezon
   C. Manuel Roxas
   D. Sergio Osmeña
3. Anong kapisanan ng mga magsasaka sa Kapatagang Luzon ang naging kilabot na pangkat ng mga gerilya noong panahon ng mga Hapones?
   A. HUKBALAHAP
   B. KALIBAPI
   C. KEMPEITAI
   D. MAKAPILI
4. Ano ang tawag sa samahang binuo ni Roxas na may layuning tumulong sa mga magsasaka sa pamamagitan ng pagpapahiram ng puhunan upang sila'y makapagsimula muli pagkatapos ng digmaan?
   A. NARIC
   B. NTC
   C. RFC
   D. PACSA
5. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa programa at patakaran ni Pangulong Manuel Roxas?
   A. pagsasaayos ng elektripikasyon
   B. pagsasanay sa mga gawaing bokasyonal
   C. pagtatag ng mga kaluwagan sa pagpapautang
   D. pagpapaunlad sa sistema ng patubig o irigasyon sa buong bansa na kailangan sa pagsasaka
6. Kailan naiproklama ni Roxas ang pangkalahatang amnestiya na siyang nagwakas sa isyu ng kolaborasyon?
   A. Enero 17, 1948
   B. Pebrero 13, 1948
   C. Marso 11, 1948
   D. Nobyembre 15, 1948
7. Saan namatay si Pangulong Roxas?
   A. Angeles City
   B. Cebu City
   C. Olongapo City
   D. Quezon City
8. Kailan unang ipinagdiwang ang kalayaan ng Pilipinas kung saan nahalal si Roxas bilang unang pangulo ng Ikatlong Republika?
   A. Abril 15, 1946
   B. Enero 12, 1946
   C. Hulyo 4, 1946
   D. Marso 11, 1946
9. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga suliraning kinaharap ni Roxas?
   A. Pagsugpo sa banta ng komunismo sa bansa.
   B. Pagbubuklod sa mga Pilipinong nahati dahilan sa isyu ng kolaborasyon.

C. Pag-aangat sa lugmok na ekonomiya ng bansa na sadyang naapektuhan ng digmaan.
D. Pagpapanatili ng pambansang seguridad na noon ay nanganib sanhi ng pagkilos ng Huk.

10. Noong Abril 1946, sinong pangulo ang nahalal bilang huling pangulo ng Pamahalaang Komonwelt?
A. Carlos P. Garcia
B. Diosdado M. Macapagal
C. Ferdinand E. Marcos
D. Manuel A. Roxas



## *Pag-aralan*

### Ang Panunungkulan ni Manuel A. Roxas (Hulyo 4, 1946 – Abril 15, 1948)

Si Manuel Roxas ay mula sa Capiz at isa sa mga Pilipinong mambabatas noong panahon nga mga Amerikano. Isa siya sa masugid na nangampanya para sa kalayaan. Kasama siya ni Sergio Osmeña sa Misyong Os-Rox (hango sa *Osmeña* at *Roxas*) para sa pagtataguyod ng kalayaan. Matagumpay na nakuha nila ang Hare-Hawes-Cutting Act mula sa Kongreso ng US. Ito ang unang batas na nagtatalaga ng sampung taon ng Komonwelt ng Pilipinas. Ngunit dahil ayaw tanggapin ni Pangulong Quezon, ito ay napalitan ng halos kapareho ring Tydings-McDuffe Act maliban sa isang probisyon.

### Mga Suliraning Kinaharap ni Roxas

Maraming mga suliranin ang kinaharap ni Roxas bilang pangulo ng bansa dulot ng epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Katulong niya sa pamamalakad ng bansa ang kanyang pangalawang pangulong si Elpidio Quirino at ang mga kasapi ng kanyang gabinete. Ilan sa mga suliraning kanyang kinaharap ay ang sumusunod:

1. Pag-aangat sa lugmok na ekonomiya ng bansa na sadyang naapektuhan ng digmaan. Dahil sa giyera ay nasira ang mga impraestruktura, industriya, bukirin, at taniman at bumagsak ang bilang ng mga hayupan.

2. Pagpapanatili ng pambansang seguridad na noon ay nanganib sanhi ng pagkilos ng mga Huk, isang kapisanan ng mga magsasaka sa Kapatagang Luzon na naging kilabot na pangkat ng mga gerilya noong panahon ng mga Hapones, laban sa kanyang administrasyon.

3. Pagbubuklod sa mga Pilipinong nahati dahilan sa isyu ng kolaborasyon. Ito ang sigalot na humati sa samahan ng mga Pilipino lalo na sa mga lider nito sa dalawang pangkat. Sa panunungkulan ni Roxas, naging malambot ang posisyon ng pamahalaan laban sa mga kolaboreytor. Siya man ay nakipagtulungan sa mga Hapones noong panahon ng digmaan at naniniwala na hindi lahat ng kolaboreytor ay dapat ituring na taksil. Noong Enero 17, 1948, nagdesisyon ang Korte Suprema na ang pagkakahirang sa mataas na posisyon ng ilang Pilipino sa pamahalaan noong panahon ng digmaan ay hindi batayan ng pagtataksil. Ito ang naging batayan

ni Roxas upang iproklama niya ang pangkalahatang amnestiya noong Pebrero 13, 1948. Sa pamamagitan nito, nagwakas ang isyu ng kolaborasyon.

## Mga Programa at Patakaran

Upang masolusyunan ang problema hinggil sa ekonomiya ng bansa ay isinagawa niya ang sumusunod:

1. Pagsasaayos ng elektripikasyon
2. Pagsasanay sa mga gawaing bokasyonal
3. Pagtatatag ng mga kaluwagan sa pagpapautang
4. Paghimok sa mga kapitalistang Amerikanong mamuhunan sa Pilipinas
5. Pagpapasiyasat sa mga likas na yaman ng bansa na humantong sa pagmumungkahi na kailangang magtatag ng mga industriyang mangangalaga at lilinang sa mga likas na yaman ng Pilipinas

Sa panahon din ng panunungkulan ni Roxas ay binigyan niya ng pansin ang pagpapalaki ng produksiyong magbibigay-pansin sa pagpapaunlad ng industriya at pagsasaka. Maraming korporasyon o samahang itinatag upang mangalaga sa kapakanan ng mga magsasaka gaya ng sumusunod:

- NARIC – National Rice and Corn Corporation
- NACOCO – National Coconut Corporation
- NAFCO – National Abaca and Other Fibers Corporation
- NTC – National Tobacco Corporation

Bukod sa mga korporasyon o samahang tumulong sa mga magsasaka ay binuo rin ni Roxas ang RFC o Rehabilitation Finance Corporation upang tulungan ang mga tao at mga pribadong kompanyang makapagsimula muli at makapagpanibagong-buhay pagkatapos ng digmaan.

## Sistema ng Pangasiwaan ni Roxas

Sa ilalim ng pangasiwaan ni Roxas ay mahigpit niyang ipinatupad ang patakarang Pro-American at Anti-Communist. Sa kanyang termino nangyari ang matibay na pakikipagsundo ng Pilipinas sa Amerika ukol sa sumusunod:

1. pagpapanatili ng mabuting relasyon ng Amerika at Pilipinas
2. pagtatayo ng mga base-militar ng mga Amerikano sa bansa
3. pagtiyak sa alalay na tulong ng Amerika sa bansa sa panahon ng digmaan
4. pagpapatibay ng Parity Rights na dumaan pa sa isang plebisito noong Marso 11, 1947 na nagbigay sa Estados Unidos ng karapatang gumamit at luminang sa yamang-likas ng bansa
5. pagpapatupad ng Philippine Trade Act of 1946 na nagsasabing ang Amerika ay malayang makipagkalakalan sa Pilipinas

6. pagpapatibay ng Philippie Currency Act na nagsasabing ang Amerika ang kokontrol sa pagpapanatili ng halaga ng ating pananalapi

Subalit ang panunungkulan ni Roxas ay madaling nagwakas. Noong Abril 15, 1948 sa Clark Air Base, Angeles City, matapos siyang magtalumpati, siya ay inatake sa puso na naging dahilan ng kanyang pagkamatay. Humalili sa kanya ang halal na Pangalawang Pangulo, si Elpidio Quirino.

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1**

**Panuto**: Suriin ang sumusunod na programa at patakaran ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagtukoy ng Tama o Mali kung ang mga ito ba ay nailunsad sa panunungkulan ni Pangulong Roxas. Isulat sa linya ang **T** kung ito ay tama at **M** naman kung ito ay mali.

_____ 1. Nagpatibay ng Parity Rights

_____ 2. Nagkaloob ng pangkalahatang amnestiya sa mga kolaboreytor

_____ 3. Tumanggap ng mga mungkahing isinasaad ng Misyong Bell

_____ 4. Nagbigay ng amnestiya sa mga miyembro ng Huk na magsusuko ng kanilang sandata

_____ 5. Nagbigay ng sapat na karapatan ang mga manggagawa sa bisa ng Magna Carta of Labor

_____ 6. Nagpatibay ng Philippine Currency Act na nagsasabing ang Amerika ang kokontrol sa pagpapanatili ng halaga ng ating pananalapi

_____ 7. Nagpatupad ng Philippine Trade Act, batas na nagbibigay ng kalayaan sa Amerika na makipagkalakalan sa Pilipinas

_____ 8. Pinag-ibayo ang mga programang may kinalaman sa pakikipag-ugnayan sa ibang mga bansa

_____ 9. Nagpatupad ng patakarang Pro-American at Anti-Communist

_____ 10. Nagbigay-pansin sa pagpapaunlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng industriyalisasyon

**Gawain 2**

**Panuto:** Sa pamamagitan ng Concept Mapping, isa-isahin ang mga katangian ni Roxas bilang pangulo ng bansa. Pagkatapos, bumuo ng sarili mong kongklusyon kung ano ang pinakamahusay niyang nagawa sa pamamahala ng bansa.


| Rubrik sa Pag-iskor sa Concept Map | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Napakahusay 8 puntos** | **Mahusay 6 puntos** | **Nalilinang 4 puntos** | **Nagsisimula 2 puntos** |
| Nilalaman | Kumpleto at . wasto ang lahat ng impormasyon. | Ang dalawang impormasyon ay hindi tama. | Apat na impormasyon ay hindi tama. | May dalawang tamang sagot lamang. |
| Baybay, Pagsulat sa malaking titik, tamang pagkakasulat. | Malinaw, maayos at tama ang baybay ng mga salita, may malaking titik, at wasto ang pagkakasulat. | Tama ang baybay ng mga salita, may malaking titik, ngunit hindi maayos ang pagkakasulat. | May kaunting kamalian sa baybay at pagsulat ng mga pangalan. | Maraming hindi wastong pagbabaybay, malaking titik, at hindi maayos ang pagkakasulat. |

Manuel A. Roxas



Mga Katangian

Pinakamahusay na Gawa



## *Paglalahat/Repleksyon*

Natuklasan ko…


1. ______________________________

______________________________

2.

3 bagay na
nakita ko

2 interesadong
bagay na
natutunan ko



## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto**: Isa-isahin ang mga kontribusyon ni Pangulong Manuel A. Roxas sa pamamagitan ng pagpuno sa nawawalang salita sa bawat programang kanyang nilikha. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

1. NARIC – National Rice and ___________________________ Corporation
2. NAFCO – National ___________________________ and Other Fibers Corporation
3. NTC – National ___________________________ Corporation
4. NACOCO – National ___________________________ Corporation
5. RFC – ___________________________ Finance Corporation
6. HUKBALAHAP – Hukbong Bayan Laban sa mga ___________________________
7. PTA – Philippine ___________________________ Act
8. PCA – Philippine ___________________________ Act
9. UN – United ___________________________
10. MBA – Military Bases ___________________________

| **Linggo 5** | **Panahon ng Ikatlong Republika** |
|---|---|

# (Mula Pangulong Quirino Hanggang Pangulong Magsaysay)



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets** ) ay dinisenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-anim na baitang upang matalakay ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maipamalas ang mapanuring pag-unawa sa mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1: Ang Panunungkulan ni Elpidio Quirino**
**(Abril 17, 1948 – Disyembre 30, 1953)**

**Aralin 2: Ang Panunungkulan ni Ramon F. Magsaysay**
**(Disyembre 30, 1953 – Marso 17, 1957)**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. nasusuri ang mga patakaran at programa ng pamahalaan upang matugunan ang mga suliranin at hamon sa kasarinlan;
2. naiisa-isa ang mga kontribusyon ng bawat pangulo na nakapagdulot ng kaunlaran sa lipunan at sa bansa;
3. nakabubuo ng kongklusyon tungkol sa pamamahala ng mga nasabing pangulo.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Basahing mabuti at unawain ang bawat pahayag at tukuyin ang hinihingi nito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sa anong araw ipinahayag ng Amerika ang kasarinlan ng Pilipinas?
   A. Abril 9, 1945 C. Hunyo 12, 1948
   B. Hulyo 4, 1946 D. Oktubre 20, 1946
2. Ilan ang bilang ng pangulong namuno sa panahon ng Ikatlong Republika?
   A. 6 B. 7 C. 8 D. 9
3. Sino ang pangulong tinaguriang "Ama ng Industriyalisasyon ng Pilipinas?"
   A. Elpidio Quirino C. Manuel Roxas
   B. Diosdado Macapagal D. Ramon Magsaysay
4. Ano ang isa sa hindi mga pagbabagong iminungkahi ng Misyong Bell matapos siyasatin ang kalagayang pangkabuhayan ng bansa?
   A. pagtataas ng buwis ng mamamayan
   B. paggamit ng siyentipikong paraan ng pagtatanim
   C. pagpaparami ng mga base militar para sa seguridad
   D. pagtatakda ng pinakamababang sahod o minimum wage ng mga manggagawa
5. Sinong Pilipino ang nahalal na ikaapat na pangulo ng United Nations General Assembly?
   A. Carlos Garcia C. Elpidio Quirino
   B. Carlos Romulo D. Sergio Osmeña
6. Sinong pangulo ang nagwikang "kung ano ang makabubuti sa karaniwang tao ay makabubuti sa buong bansa?"
   A. Carlos Garcia C. Ramon Magsaysay
   B. Diosdado Macapagal D. Sergio Osmeña
7. Noong 1954 ay idinaos sa bansa ang Manila International Conference na kung saan dito nabuo ang kasunduang tinatawag na Manila Pact. Alin sa sumusunod na mga bansa ang HINDI kasali sa nasabing conference?
   A. Australia B. Estados Unidos C. France D. Singapore
8. Bakit hindi nagwagi si Quirino nang siya'y tumakbong muli sa pagkapangulo noong 1953?
   A. tagumpay ang pag-unlad ng ekonomiya
   B. matagumpay ang kampanyang pangkapayapaan
   C. bigo ang pag-unlad ng kabuhayan sapagkat naging laganap ang katiwalian sa pamahalaan
   D. Lahat ng nabanggit
9. Ano ang tawag sa kasunduang nagsasaad na ang bawat kasapi na bansa ay magtutulungan at pagsamahin nila ang kanilang puwersa kung sakaling lusubin sila ng mga bansang komunista?
   A. ACCFA B. FACOMA C. Manila Pact D. SEATO

10. Ang apat na taong itinakda ng Saligang Batas na dapat ipaglingkod ng isang halal na pangulo ay hindi natapos ni Magsaysay dahil sa kanyang pagkamatay. Ano ang sanhi ng kanyang pagkamatay?

A. pag-atake sa puso
B. pagkamatay sa digmaan
C. pagkamatay sanhi ng katandaan
D. pagbagsak ng sinasakyang eroplano



## *Pag-aralan*

### Aralin 1: Ang Panunungkulan ni Elpidio Quirino (Abril 17, 1948 – Disyembre 30, 1953)

Ang biglang pagkamatay ni Pangulong Manuel A. Roxas ang nagbigay-daan kay Elpidio Quirino upang maging pangalawang pangulo ng Ikatlong Republika. Siya ang pangalawang pangulo noon ni Roxas nang ito ay pumanaw. Sa sumunod na halalan noong Nobyembre 8, 1949, siya ay tumakbo sa pagkapangulo sa ilalim ng Partido Liberal kasama si Senador Fernando Lopez bilang pangalawang pangulo. Silang dalawa ay kapwa nanalo sa eleksiyon at nanungkulan mula 1949 hanggang 1953.

**Mga Suliraning Kanyang Kinaharap**

Ang bansa ay nasa kritikal na kalagayan sa kabuhayan, politika, at lipunan nang siya ay umupo bilang kahaliling pangulo ni Roxas. Ilan sa mga suliraning ito ay ang sumusunod:

1. Pag-aangat ng kabuhayan ng bansa
2. Pagsugpo sa banta ng komunismo sa bansa, kaya nakibaka ang kanyang administrasyon nang buong giting upang mapanatili ang demokrasya sa Pilipinas
3. Pagpigil sa ginagawang panliligalig ng mga kasapi ng Huk
4. Pagbabalik ng tiwala ng taong-bayan sa kakayahan at katapatan ng pamahalaan na nawala dahil sa malawakang kabulukan at katiwaliang nangyari noong panahon ni Roxas

**Mga Programa at Patakaran**

**Pagpapaunlad ng Kabuhayan**

Sa panahon ng administrasyong Quirino ay pinagtuonan niya ng pansin ang pagpapaunlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng industriyalisasyon. Upang maisulong nang lubos ang kanyang programa hinggil sa pagpapataas ng antas ng buhay ng mga Pilipino ay ipinatupad niya ang sumusunod:

1. pagpapaunlad sa sistema ng patubig o irigasyon sa buong bansa na kailangan sa pagsasaka
2. pagpapagawa ng mga lansangan upang mapabilis ang kalakaran ng transportasyon partikular na ang farm-to-market-roads
3. pagsasagawa ng lingguhang pag-uulat sa taumbayan sa pamamagitan ng radyo at pahayagan ukol sa mga gawain ng kanyang administrasyon
4. pagtatatag ng President's Action Committee o Social Amelioration o PACSA upang matugunan ang pangangailangan ng mahihirap na mamamayan
5. pagpapatayo ng mga bangko rural na nagpapautang ng kapital sa mga magsasaka
6. pagtatatag ng Bangko Sentral ng Pilipinas
7. pagpapalabas ng Magna Carta of Labor at Minimum Wage Law upang mapabuti ang kalagayan ng mga manggagawa

Ngunit sa kabila ng ginawang pagsisikap ni Pangulong Quirino na paunlarin ang kalagayan ng ekonomiya ng bansa ay patuloy pa ring dumanas ng hirap ang mga mamamayan dahil sa kakulangan sa bigas, mataas na presyo ng mga pangunahing bilihin, at kawalan ng trabaho ng mga tao. Dahil dito, noong Pebrero 1950 siya ay nagtungo sa Estados Unidos upang humingi ng tulong pinansiyal. Bilang tugon ay nagpadala ang Estados Unidos ng isang misyon sa Pilipinas, ang Bell Mission o United States Economic Survey sa pamumuno ni Daniel W. Bell. Ang misyong ito ay naglalayong siyasatin ang kalagayang pangkabuhayan ng bansa. Matapos ang tatlong buwang pagsisiyasat ay iminungkahi ng misyon ang:

- paggamit ng siyentipikong paraan ng pagtatanim upang mapaunlad ang sistema ng pagsasaka
- pagtatakda ng pinakamababang sahod o *minimum wage s*a mga manggagawa upang sila ay makapamuhay nang maayos
- pagtataas ng buwis ng mga mamamayan upang lumaki ang kita ng pamahalaan
- pagpapatayo ng mga bagong industriya
- pagdadagdag ng Amerika ng tulong na teknikal at salapi sa Pilipinas

Walang nagawa si Quirino kundi tanggapin ang mga kondisyong iminungkahi ng Misyong Bell. Noong Nobyembre 14, 1950 ay nagkasundo si Quirino at si William Foster ng Estados Unidos na lagdaan ang Quirino-Foster Agreement na nagtatadhanang magtutulungan ang Pilipinas at Amerika sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng bansa. Sa pagkakataong ito, halos muling napasailalim ang bansa sa Estados Unidos.

**Pagsugpo sa Paglaganap ng Komunismo**

Upang masolusyunan ang suliranin hinggil sa banta ng komunismo, sinikap ng administrasyon ni Quirino na makipag-ugnayan sa maraming bansa, di lamang sa Asya maging sa ibang panig ng mundo. Sa panahon ni Quirino nangyari ang unang pagpupulong ng mga bansang Asyano na dinaluhan ng Indonesia, Thailand, Taiwan, Timog Korea, India, Australia, at Pilipinas upang pag-usapan ang pagpigil sa paglaganap ng komunismo sa Asya. Kaugnay nito nanatili ring aktibo ang Pilipinas bilang kasapi ng United Nations. Nahalal si Carlos P. Romulo na ikaapat na pangulo ng UN General Assembly. Siya ang kauna-unahang delegado ng mga bansa sa Asya na nahalal na pangulo.

**Pagharap ng Suliranin sa mga Huk**

Isa sa mga ginawang hakbang ni Quirino upang masugpo ang paglaganap ng pananalasa ng mga Huk sa bansa ay ang pagpapalabas niya ng proklamasyon noong Hunyo 21, 1948 hinggil sa pagbibigay ng amnestiya sa mga kasapi ng Huk na magsusuko ng kanilang mga sandata sa loob ng 50 araw. Bukod dito, pinahintulutan din si Luis Taruc at ang iba pang kasapi ng Democratic Alliance na nahalal na kongresista na muling maupo at tumanggap ng kanilang tatlong taong *back pay.*

Inatasan din ni Quirino ang kanyang kapatid na si Mahistrado Antonio Quirino na makipag-usap kay Taruc. Sa negosasyon sa pagitan nilang dalawa ay nabuo ang sumusunod na mga kasunduan:

- ❖ Pagbibigay ng amnestiya sa mga Huk
- ❖ Pagpapawalang-bisa sa mga kasunduang nakasaad sa Batas Kalakalang Bell (Bell Trade Act) at kasunduan ukol sa mga base-militar
- ❖ Pagsugpo sa mga katiwalian at anomalya sa pamahalaan
- ❖ Pagpapalawig sa demokratikong kalayaan
- ❖ Pagpapatupad ng repormang panlupa

Subalit ang mga kasunduan sa pagitan ng pamahalaan at ng mga Huk ay hindi ganap na nagtagumpay, kaya't napilitang gamitan ng dahas ni Quirino ang mga Huk. Sa payo ng mga Amerikano ay pinili niya si Ramon Magsaysay bilang Kalihim ng Tanggulang Pambansa upang supilin ang mga Huk. Sa matalino at maimpluwensiyang pamamaraan ni Magsaysay ay unti-unting napasuko ang mga Huk. Sa pamamagitan ng programang Economic Development Corps (EDCOR) ang lahat ng nagkusang magbalik ng armas ay binigyan ng amnestiya at pagkakataong makapamuhay nang tahimik sa pamamagitan ng pagkakaloob ng lupang masasaka na sapat upang makapagsimulang muli ng mapayapang buhay.

## Pagwawakas ng Pangasiwaang Quirino

Dahil sa pagkagupo ng Kilusang Huk ay muling nanumbalik ang katahimikan at katiwasayan sa bansa. Nasiyahan ang pamunuan at ang taong-bayan sa kapayapaang naghari sa bansa. Higit na kinilala ang napakahalagang papel na ginampanan ni Kalihim Ramon Magsaysay. Subalit kung naging matagumpay ang

kampanyang pangkapayapaan ay bigo naman ang pag-unlad ng kabuhayan, sapagkat naging laganap ang katiwalian sa pamahalaan. Kaya bagama't tumakbong muli si Quirino sa pagkapangulo noong 1953 at hindi siya nagwagi, sa halip ay tinalo siya ng kanyang dating Kalihim na si Ramon Magsaysay.

## Aralin 2: Ang Panunungkulan ni Ramon F. Magsaysay (Disyembre 30, 1953 – Marso 17, 1957)

"Kampeon ng Masang Pilipino at Kampeon ng Demokrasya," ito ang mga tanyag na taguri kay Pangulong Ramon Magsaysay sa kasaysayan ng politika ng Pilipinas. Kaya naman, noong siya ay nanumpa bilang ikatlong pangulo ng Ikatlong Republika sa Luneta noong Disyembre 30, 1953 ay dinaluhan ito ng napakaraming taong naniniwala at sumusuporta sa kanya. Dahil sa kanyang karisma at pagiging makamasa ay naging idolo siya ng sambayanang Pilipino. Siya ang tanging pangulong nagbukas ng pintuan ng Malacañang para sa lahat ng mamamayan. Ayon sa kanya, ito ay pag-aari ng bayan at ang tunay na kapangyarihan ay nasa taumbayan.

### Mga Patakaran at Programa

"Kaligayahan at katatagan ng karaniwang tao" – ito ang kanyang palatuntunan bilang pangulo ng bansa. Upang maisakatuparan ito ay ipinahayag niyang paunlarin ang mga baryo, sapagkat naniniwala siya na "kung ano ang makabubuti sa karaniwang tao ay makabubuti rin sa buong bansa." Upang makamit ang kanyang adhikain ay isinagawa niya ang sumusunod:

1. pinagtibay ang *Land Tenure Reform Law* kung saan itinadhana ang paghahati-hati ng malalaking asyendang bibilhin ng pamahalaan upang maipamahagi nang hulugan sa mga kasama
2. pagpapatayo ng mga poso (*artesian wells)* at patubig upang mapabilis ang pag-unlad ng mga baryo
3. pagpapagawa ng mga daan at mga tulay upang mailapit o maidugtong ang baryo sa poblasyon o kabayanan
4. paglulunsad ng pananaliksik ukol sa makabagong sistema ng pagsasaka at bagong uri ng binhi tulad ng Masagana
5. pagpapatayo ng *Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration* (ACCFA) upang matulungan ang mga magsasaka sa pagbibili ng kanilang ani
6. pagpapatayo ng *Farmers Cooperative Marketing Association* (FACOMA) kung saan ang mga kasapi ay makauutang sa ACCFA upang makabili ng kanilang sariling kalabaw sa pagsasaka at iba pang kagamitan
7. pag-oorganisa ng mga kapulungang pambaryo ng mga sanggunian sa pagsasaka, at ng mga samahang 4-H na may kinalaman sa paghahalaman

Bilang pangulo ng bansa, tunay ngang ang karaniwang mga tao at ang kanilang kalagayan ang una niyang binigyang-pansin. Personal niyang pinakinggan ang mga karaingan ng mamamayan. Upang makatiyak na ang mga karaingan ay makaaabot sa kanya ay itinatag niya ang Presidential Complaints and Action Committee (PCAC). Lumakas ang loob ng karaniwang tao pagkat sa pamamagitan ng libreng telegrama ay naidudulog nila ang kanilang mga suliranin sa pangulo.

**Katatagang Panlipunan at Pampolitika**

Dahil sa pagsusumikap ni Magsaysay na mapabuti ang kalagayan ng pangkaraniwang tao ay nahimok ang Kongreso na pagtibayin ang batas na kilala sa tawag na Social Security Act (Batas sa Katatagang Panlipunan). Isinasaad ng batas na ito ang paghimok sa mga korporasyong gawing kasapi ng Tanggapan ng Katatagang Panlipunan ang lahat ng kawani at mga manggagawa. Bilang kasapi, ang kawani o manggagawa ay mag-aambag ng tatlong bahagdan (3%) ng kanyang sahod buwan-buwan. Sa kabilang dako naman, ang korporasyon ay magdaragdag ng higit na malaking bahagdan sa bawat 3% na ambag ng kawani o manggagawa. Ang Tanggapan ng Katatagang Panlipunan ang siyang magbabayad sa kawani o manggagawang namatay, nagkasakit, o naaksidente.

Gayundin, ipinagpatuloy ni Magsaysay ang inilunsad niyang Economic Development Corps (EDCOR) noong siya ay kalihim pa lamang ng Tanggulang Pambansa. Ayon sa kanya, ang mga mamamayan ay hindi maaakit na sumapi sa komunismo kung ang mga pamilya ay may mabuting kabuhayan. Dahil dito, nahikayat niyang magbagong-buhay ang mga kasapi ng Huk, kaya naman noong Mayo 16, 1954 ay sumuko si Luis Taruc, ang supremo ng mga Huk.

Pinag-ibayo rin niya ang mga programang may kinalaman sa pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa iba't ibang bansa. Noong 1954 ay idinaos sa bansa ang Manila International Conference na dinaluhan ng mga bansang Australia, France, Estados Unidos, New Zealand, Pakistan, Thailand, United Kingdom, at Pilipinas. Dito nabuo ang isang kasunduang tinawag na *Manila Pact* na nagsasaad na ang bawat kasapi ay magtutulungan at pagsasamahin nila ang kanilang puwersa kung sakaling lusubin sila ng mga bansang komunista. Kaugnay nito, noong ika-19 ng Pebrero, 1955 ay nabuo ang SEATO o Southeast Asia Treaty Organization na ang kasapi ay ang walong orihinal na miyembro ng Manila Pact.

**Pagwawakas ng Panunungkulan ni Magsaysay**

Ang apat na taong itinakda ng Saligang Batas na dapat ipaglingkod ng isang halal na pangulo ay hindi natapos ni Magsaysay. Ang kanyang mabuting simula ay hindi naipagpatuloy dahil sa kanyang pagkamatay nang bumagsak ang kanyang sinasakyang eroplano sa Bundok ng Manunggal sa Cebu habang siya ay patungong Maynila noong ika-17 ng Marso 1957.

# *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1**


**Panuto**: Sa ibaba ay nakatala ang magagandang nagawa ng mga unang naging pangulo ng Ikatlong Republika. Bilang pagpapahalaga sa kanilang mga ginawa, sumulat ng maikling paliwanag kung paano ito nakatulong sa buhay ng mga Pilipino at sa kaunlaran ng Pilipinas.

Rubrik sa Pagpupuntos

| **Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Kaisahan | May kaisahan ang mga pangungusap | May kulang para sa kaisahan ng mga pangungusap | May kaguluhan o kulang ang kaisahan ng mga pangungusap | Walang kaisahan ng mga pangungusap |
| Paglalahad | Malinaw na nailahad ang mensahe | Medyo malinaw ang naisulat na mga ideya | Hindi gaanong malinaw ang mensahe | Walang malinaw na nailahad na mga mensahe tungkol sa paksa |
| Makatotohanan | Makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi gaanong makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | May mga bahagi na hindi makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi kapani-paniwala ang mga impormasyon o datos na ipinakita |
| Malikhain | Malikhain at masining ang paglalahad | May pagkamalikhain at masining ang paglalahad | May kakulangan sa pagkamalikhain at masining na paglalahad | Malaki ang kakulangan sa pagkamalikhain at masining na paglalahad |
| Masusing pag-aaral | Masusi ang pagkatalakay ng mga paksa | May ilang tiyak na pagkatalakay ng mga paksa | May pagtatangkang talakayin ang mga paksa | Hindi natalakay ang paksa |

Pagsugpo sa paglaganap ng komunismo

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________
______________________



Elpidio Quirino



Ramon Magsaysay

Pagtatatag ng Presidential Complaints and Action Committee (PCAC)

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

**Gawain 2**

**A. Panuto:** Suriin ang sumusunod na mga programa at patakaran ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagtukoy kung sinong pangulo ang naglunsad ng sumusunod na mga ito. Isulat sa loob ng bilog ang **EQ** kung si Elpidio Quirino at **RM** kung si Ramon Magsaysay.

◯ 1. Nagtatag ng Bangko Sentral ng Pilipinas

◯ 2. Nagpatibay ng Land Tenure Reform Law kung saan itinadhana ang paghahati-hati ng malalakig asyendang bibilhin ng pamahalaan upang maipamahagi nang hulugan sa mga kasama

3. Nagtatag ng President's Action Committee on Social Amelioration o PACSA upang matugunan ang pangangailangan ng mahihirap na mamamayan

4. Nagpatayo ng Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration (ACCFA) upang matulungan ang mga magsasaka sa pagbibili ng kanilang ani

5. Nagsagawa ng lingguhang pag-uulat sa taumbayan sa pamamagitan ng radyo at pahayagan ukol sa mga gawain ng kanyang administrasyon

**B. Panuto:** Isa-isahin ang mga kontribusyon ng bawat pangulo sa pamamagitan ng pagpuno sa mga nawawalang salita sa bawat programang kanilang nilikha. Sa kahon ay isulat ang titik **Q** kung ito ay nabuo sa panahon ni Pagulong Quirino at **M** kung sa panahon ni Magsaysay.

6. PACSA – President's Action Committee on Social ________________________

7. EDCOR – Economic ________________________ Corps

8. FACOMA – Farmers Cooperative ________________________ Association

9. SEATO – Southeast Asia ________________________ Organization

10. ACCFA – Agricultural ________________________ and Cooperative Financing Administration



## *Paglalahat / Repleksyon*

**3** 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

1. ______________________________________________
   ______________________________________________
2. ______________________________________________
   ______________________________________________
3. ______________________________________________
   ______________________________________________

**2** 2 interesadong bagay na natutunan ko


Natutunan ko ang…

1. ______________________________________________
   ______________________________________________
2. ______________________________________________
   ______________________________________________

**1** 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…

1. ______________________________________________
   ______________________________________________



# *Panapos na Pagtataya*

**Panuto:** Sa iyong learning journal, sagutin ang mahahalagang tanong sa ibaba.

Rubrik sa Pagpupuntos

| **Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Kaisahan | May kaisahan ang mga pangungusap | May kulang para sa kaisahan ng mga pangungusap | May kaguluhan o kulang ang kaisahan ng mga pangungusap | Walang kaisahan ng mga pangungusap |
| Paglalahad | Malinaw na nailahad ang mensahe | Medyo malinaw ang naisulat na mga ideya | Hindi gaanong malinaw ang mensahe | Walang malinaw na nailahad na mga mensahe tungkol sa paksa |
| Makatotohanan | Makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi gaanong makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | May mga bahagi na hindi makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi kapani-paniwala ang mga impormasyon o datos na ipinakita |
| Malikhain | Malikhain at masining ang paglalahad | May pagkamalikhain at masining ang paglalahad | May kakulangan sa pagkamalikhain at masining na paglalahad | Malaki ang kakulangan sa pagkamalikhain at masining na paglalahad |
| Masusing pag-aaral | Masusi ang pagkatalakay ng mga paksa | May ilang tiyak na pagkatalakay ng mga paksa | May pagtatangkang talakayin ang mga paksa | Hindi natalakay ang paksa |

Bakit mahalagang matalakay ang pamamahala ng mga naging pangulo ng bansa mula 1946 hanggang 1957? Paano ito makatutulong sa ating bansa maging sa mag-aaral na gaya mo?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**Linggo 6**

# Panahon ng Ikatlong Republika (Mula kay Pangulong Garcia Hanggang Pangulong Macapagal)



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets** ) ay dinisenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-anim na baitang upang matalakay ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maipamalas ang mapanuring pag-unawa sa mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1: Ang Panunungkulan ni Carlos P. Garcia**
**(Marso 17, 1957 – Disyembre 30, 1961)**

**Aralin 2: Ang Panunungkulan ni Diosdado P. Macapagal**
**(Disyembre 30, 1961 – Disyembre 30, 1965)**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. nasusuri ang mga patakaran at programa ng pamahalaan upang matugunan ang mga suliranin at hamon sa kasarinlan at pagkabansa ng mga Pilipino;
2. naiisa-isa ang mga kontribusyon ng bawat pangulo na nakapagdulot ng kaunlaran sa lipunan at sa bansa;
3. nakabubuo ng kongklusyon tungkol sa pamamahala ng mga nasabing pangulo.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Suriin ang mga pahayag. Isulat ang **T** kung totoo ang diwa ng pangungusap at **H** kung hindi totoo. Isulat ang iyong sagot sa inyong learning journal.

1. Sa paglulunsad ng Austerity Program, nabigyan ng priyoridad ang mga Pilipino na pagyamanin ang likas na yaman ng bansa.
2. Sa pamamagitan ng programang may kaugnayan sa pagtatayo ng base-militar sa bansa na inilunsad ni Garcia, ang dating 99 na taon ay napaigsi na lamang sa 30 taon.
3. Si Diosdado Macapagal ay nagmula lamang sa isang mahirap na pamilya.
4. Sa pangunguna ni Macapagal ay napagtibay ang Agricultural Land Reform Code noong Agosto 8, 1963.
5. Ang MAPHILINDO ay nanatili pa rin hanggang sa kasalukuyan.
6. Si Garcia ang pangulong nagwika na ang Pilipinas ay magiging dakilang muli.

7. Ang pagbabago sa Araw ng Kalayaan mula Hulyo 4 sa Hunyo 12 ay nangyari sa pangasiwaan ni Pangulong Macapagal.
8. Isa sa mga programa at patakaran sa panunungkulan ni Garcia ay ang pagpapatupad ng Filipino Retailer's Fund Act.
9. Sa panahon ng panunungkulan ni Garcia ay nabuo ang Association of Southeast Asia (ASA) noong Hunyo 1961.
10. Ang MAPHILINDO ay samahan ng bansang Malaysia, Pilipinas at Indonesia.



## *Pag-aralan*

### Aralin 1: Ang Panunungkulan ni Carlos P. Garcia (Marso 17, 1957 – Disyembre 30, 1961)

Noong Marso 17, 1957 habang si Carlos Garcia ay nasa ibang bansa at dumadalo sa isang mahalagang kumperensiya ay tumanggap siya ng tawag na kailangan niyang umuwi agad, sapagkat ang Pangulong Magsaysay ay nasawi sa isang sakuna.

Ipinagpatuloy niya ang walong buwang panunungkulan ni Pangulong Magsaysay. Nangako siyang ipagpapatuloy niya ang mga sinimulan ng kanyang pinalitan.

Dahil halalan ng taon ding iyon, siya pa rin ang inilaban ng Partido Nacionalista bilang pangulo at si Jose Laurel Jr. ang kanyang Pangalawang Pangulo. Siya ay nagwagi sa naturang halalan ngunit hindi ang kanyang pangalawang pangulo. Sa halip, si Diosdado Macapagal, ang kandidato ng Partido Liberal, ang nanalo.

### Mga Programa at Patakaran

Sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong Garcia ay binigyang-pansin niya ang pagpapaunlad sa antas ng pamumuhay ng mga mamamayan. Alam niyang malaki ang posibilidad na ang Pilipinas ay sumulong at umangat dahil ang bansang ito ay lubos na pinagpala ng mayamang kalikasan. Kailangan lamang ay maging masinop ang mga Pilipino at matutong pagyamanin ang ating likas na yaman. Kaya sa panahon ng kanyang panunungkulan ay inilunsad niya ang sumusunod:

1. paglulunsad ng *Austerity Program.* Ito ang pangunahing layunin ng kanyang panunungkulan, ang magkaroon ng maayos at matipid na pamumuhay ang mga Pilipino; ang pamahalaan ay maging matalino sa paggasta, higit na maging maayos sa paggawa at maglunsad ng pamumuhunang kapaki-pakinabang sa mga tao

2. pagpapairal ng Filipino First Policy. Ang patakarang ito ay nagbibigay ng priyoridad sa mga Pilipino upang paunlarin ang kayamanan ng bansa. Kanya ring binigyang-pansin ang pagpapaunlad at pagtangkilik sa mga produktong sariling atin

3. ipinatupad ang patakarang Filipino Retailer's Fund Act (1955) na siyang nagpautang sa mga Pilipino

4. ipinalabas rin niya ang NAMARCO Act (National Marketing Corporation) na siyang nagtustos sa maliliit na Pilipinong mangangalakal

### Kagalingang Panlipunan at Pampolitika

### Mga Base-Militar sa Pilipinas

Ang isyu hinggil sa base-militar ay nagpatuloy hanggang sa panahon ng panunungkulan ni Garcia. Naging masigasig si Garcia sa kanyang mga programa at patakaran sa pagbabago sa pamamalakad ng base-militar sa bansa. Dahil sa kanyang pagpupunyagi ay naisulong ang ibang pagbabago hinggil sa mga kasunduan ng pagtatayo ng base-militar sa bansa.

1. pagtataas ng bandila ng Pilipinas kasama ang bandila ng Estados Unidos sa lahat ng base-militar sa bansa simula Mayo 1, 1957
2. pagbabalik ng piyer na pangmilitar na nasa Maynila sa kapangyarihan ng Pilipinas
3. pagkakaunawaan ng Pilipinas at ng Estados Unidos na isasangguni ng bawat isa ang pagpapasiyang gagawin sa paglalagay ng mga *missile* kung dumating ang takdang panahon
4. pagpapaigsi sa itinakdang 99 na taon ng pag-upa sa mga base-militar ng bansa sa 25 taon na lamang
5. pag-aalis ng karapatan sa mga Amerikano sa pagkontrol sa Olongapo
6. pagtatakda ng limitasyon sa mga instalasyong militar ng Estados Unidos sa bansa kabilang na rito ang Clark Air Base, Subic Naval Base, at Camp John Hay

### Pakikipag-ugnayang Panlabas

Pinag-ibayo rin ni Pangulong Garcia ang pakikipag-ugnayang panlabas na pinasimulan ni Magsaysay. Muli niyang pinairal ang patakarang "Asya Para sa mga Asyano" at kaugnay nito ay ang kanyang pagtutol sa paglaganap ng komunismo. Sa panahon ng kanyang panunungkulan ay nabuo ang Association of Southeast Asia (ASA) noong Hulyo, 1961. Layunin nitong pag-isahin at pagbuklurin ang mga kaanib na bansa sa pagtutulungang pangkabuhayan at pangkultura.

Binigyang-halaga rin niya ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagdaraos ng taunang Republic Cultural Heritage Awards at pagpapadala ng mga *cultural troupe* sa ibang bansa para palakasin ang turismo sa Pilipinas.

## Pagwawakas ng Panunungkulan ni Garcia

Sa kabila ng pagsusumikap ni Pangulong Garcia na bigyan ng maayos na pamumuhay ang mga mamamayan ay hindi rin siya lubos na nagtagumpay. Hindi rin niya napigilan ang mga suliraning pang-ekonomiya gaya ng pagtaas ng halaga ng mga bilihin. Lumaganap din ang katiwalian sa pamahalaan. Kaya noong malapit nang magtapos ang kanyang panunungkulan ay nagkaroon ng krisis pampolitika sa grupo ng mga Partido Nacionalista. Nahati ang miyembro ng partido, kaya naman noong tinangka niyang muling tumakbo bilang pangulo sa halalan noong 1961 ay tinalo siya ng kanyang Pangalawang Pangulo na si Diosdado Macapagal.

# Aralin 2: Ang Panunungkulan ni Diosdado P. Macapagal (Disyembre 30, 1961 – Disyembre 30, 1965)

“Walang bagay na imposible kapag ginustong mangyari.” Ito ang kawikaang akmang-akma sa buhay ni Pangulong Diosdado Macapagal. Sino ang magsasabing ang isang mahirap na tagabukid ay magiging pangulo ng Pilipinas? Dahil sa kanyang tiyaga, talino at maalab na pagmamahal sa bayan ay nakamit niya ang katagumpayan at nahalal na pangulo ng bayan noong 1961.

## Mga Patakaran at Programa

Nang mahalal na pangulo si Macapagal ay ipinahayag niyang siya ang pinakahandang pangulo ng Pilipinas, sapagkat siya ay may sapat na kaalaman sa larangan ng ekonomiya at kabuhayan. Inilahad niya ang kanyang mga palatuntunan:

1. paglutas sa mga suliraning may kaugnayan sa kawalan ng hanapbuhay ng maraming Pilipino
2. pagtiyak na magkakaroon ng sapat na pagkain ang buong bansa sa pamamagitan ng pagpapalaki ng produksiyon
3. pag-akay sa mga Pilipino, sa pamamagitan ng kanyang pagiging huwaran, sa pamumuhay ng payak at walang halong karangyaan
4. pagkakaroon ng malinis at matapat na pangasiwaan

Upang magkaroon ng katuparan ang kanyang mga palatuntunan ay una niyang binigyang-pansin ang kapakanan ng mga magsasaka. Nagpalabas siya ng batas na nagtatakda ng paraan sa pagbubukid na magdudulot ng kapakinabangan sa mga kasama. Noong Agosto 8, 1963 ay pinagtibay ng Kongreso ang inihanda niyang Kodigo sa Pagbabago sa mga Lupang Sakahan (*Agricultural Land Reform Code*). Sa kodigong ito ay inalis ang dating paraan ng pagkakasama, kung saan ang nakagawiang hatian sa ani ng bukid ay 50:50, ito ay matapos awasin ang puhunan ng maylupa. Sa halip, isinasaad sa kodigo, na uupahan na lamang ng kasama ang lupa sa halagang 25% ng ani. Sa sistemang ito, ang kasama ay hindi na maaaring gipitin ng may-ari ng lupa sapagkat ito ay wala nang pakialam sa kanyang lupa matapos na siya ay bayaran ng renta. Nilinaw rin sa kodigo ang sumusunod na mga pagbabago:

1. pagpapahalaga sa karangalan ng maliliit na magsasaka at pagliligtas sa kanila sa masasamang kinagawiang pinairal sa mga sakahan
2. paglikha ng pagkakataon sa mga lupang sakahang makapagbigay nang lalong malaking kita at produksiyon sa bansa
3. pagpapairal ng patas at walang kinikilingang mga batas para sa lahat ng may kinalaman sa paggawa
4. pagpapairal sa sistemang nagbibigay ng sapat na pagkakataon sa mga magsasaka na gawin silang higit na nagsasarili at higit na may pananagutan sa mga lupang sakahan

## Mga Nagawa ng Administrasyong Macapagal

Ang kanyang pangasiwaan ay uminog sa kanyang limang taong programang panlipunan at pang-ekonomiya. Ilan sa mga nagawa ng kanyang administrasyon ay ang sumusunod:

1. pagpapalaganap ng wikang Filipino bilang pambansang wika ng bansa kung saan sa panahon ng kanyang panunungkulan ito ay ginamit para sa pag-imprenta ng mga pasaporte, selyo, babala sa trapiko, at mga pangalan ng bagyo

2. pagbabago sa araw ng kalayaan mula Hulyo 4 sa Hunyo 12

3. pagtatatag ng MAPHILINDO, ang samahan ng bansang Malaysia, Pilipinas, at Indonesia. Noong Hulyo 31, 1963 nilagdaan nina Macapagal ng Pilipinas, Sukarno ng Indonesia, at Tunku Abdul Rahman ng Malaysia ang isang kasunduan sa Maynila. Sa pamamagitan ng *Manila Declaration* na ipinalabas noong Agosto 6, 1963 ay inilahad ang mga alituntunin ng MAPHILINDO:


   a. pagpapatibay ng kanilang pakikiisa at pagtugon sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at kapatiran ng mga bansa na nakasaad sa batas ng United Nations

   b. pagpapanatili ng matibay na pagkakaisa at pagkakabuklod tungo sa pagkakamit ng kaunlarang pang-ekonomiya, panlipunan, at pangkultura

   c. pagtutulungan sa pagsupil sa paglaganap ng kolonyalismo at imperyalismo

   d. pagtutulungan sa pagbuo ng isang bago at matatag na mundo na nakasalig sa pandaigdigang kalayaan, katarungan, at kapayapaan

Ngunit ang samahang ito ay hindi nagtagal sanhi ng ilang mga isyung kinaharap ng mga kasaping bansa, partikular na ang isyu hinggil sa Sabah (North Borneo) na kapwa inaangkin ng Pilipinas at Malaysia. Sa pamamagitan ng ginawang plebisito na isinagawa ng United Nations Secretariat ay ninais ng mga mamamayan ng Sabah na mapasailalim sa Federation of Malaysia, bagay na tinutulan naman ng Pilipinas.



## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1**

**Panuto**: Gamit ang *Venn Diagram* ay bumuo ka ng isang masining at makabuluhang paghahambing ng mga programa at patakarang inilunsad nina Garcia at Macapagal. Pagkatapos ay bumuo ka ng kongklusyon kung sino sa dalawa ang higit na naging mabuting pangulo ng bansa.

A – Itala rito ang mga nagawa ni Garcia

B – Itala rito ang mga nagawa ni Macapagal

C – Pagkakatulad ng kanilang mga nagawa

**Rubrik sa pagpupuntos ng Gawain 1 at 2**

| Pamantayan | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Kaisahan | May kaisahan ang mga pangungusap | May kulang para sa kaisahan ng mga pangungusap | May kaguluhan o kulang ang kaisahan ng mga pangungusap | Walang kaisahan ng mga pangungusap |
| Paglalahad | Malinaw na nailahad ang mensahe | Medyo malinaw ang naisulat na mga ideya | Hindi gaanong malinaw ang mensahe | Walang malinaw na nailahad na mga mensahe tungkol sa paksa |
| Makatotohana n | Makatotohana n ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi gaanong makatotohana n ang mga impormasyon o datos na ipinakita | May mga bahagi na hindi makatotohana n ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi kapani-paniwala ang mga impormasyon o datos na ipinakita |
| Malikhain | Malikhain at masining ang paglalahad | May pagkamalikhai n at masining ang paglalahad | May kakulangan sa pagkamalikhai n at masining na paglalahad | Malaki ang kakulangan sa pagkamalikhai n at masining na paglalahad |
| Masusing pag-aaral | Masusi ang pagkatalakay ng mga paksa | May ilang tiyak na pagkatalakay ng mga paksa | May pagtatatangkang talakayin ang mga paksa | Hindi natalakay ang paksa |



C

B

Para sa iyo, sino sa kanilang dalawa ang higit na naging mabuting pangulo ng bansa? Patunayan ang iyong sagot. ______________________________________________

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

**Gawain 2**

**Panuto**: Isa-isahin ang mga kontribusyon ng bawat pangulong nakalarawan na nais mong muling ipatupad sa kasalukuyan. Sagutin ang tanong na nasa ibaba sa pamamagitan ng pagbibigay ng iyong sariling damdamin o pananaw.

*Alin-alin sa mga programang inilunsad ng sumusunod na mga pangulo ang nais mong muling ipatupad sa ating bansa sa kasalukuyan? Isulat sa iyong learning journal ang programa at ang dahilan kung bakit mo ito napili.*



Carlos Garcia




Diosdado Macapagal



## *Paglalahat / Repleksyon*

| | | |
|---|---|---|
| 3 | 3 bagay na nakita ko | Natuklasan ko…<br>1. ______________________<br>______________________<br>2. ______________________<br>______________________<br>3. ______________________<br>______________________ |
| 2 | 2 interesadong bagay na natutunan ko | Natutunan ko ang…<br>1. ______________________<br>______________________<br>2. ______________________<br>______________________ |
| 1 | 1 bagay na nalilito ako | Kailangang matuto pa ako…<br>1. ______________________<br>______________________ |



## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto**: Sagutin ang bawat tanong. Isulat sa iyong learning journal ang tamang sagot.
Rubrik sa Pagpupuntos

| Pamantayan | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Kaisahan | May kaisahan ang mga pangungusap | May kulang para sa kaisahan ng mga pangungusap | May kaguluhan o kulang ang kaisahan ng mga pangungusap | Walang kaisahan ng mga pangungusap |
| Paglalahad | Malinaw na nailahad ang mensahe | Medyo malinaw ang naisulat na mga ideya | Hindi gaanong malinaw ang mensahe | Walang malinaw na nailahad na mga mensahe tungkol sa paksa |
| Makatotohanan | Makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi gaanong makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | May mga bahagi na hindi makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi kapani-paniwala ang mga impormasyon o datos na ipinakita |
| Malikhain | Malikhain at masining ang paglalahad | May pagkamalikhain at masining ang paglalahad | May kakulangan sa pagkamalikhain at masining na paglalahad | Malaki ang kakulangan sa pagkamalikhain at masining na paglalahad |
| Masusing pag-aaral | Masusi ang pagkatalakay ng mga paksa | May ilang tiyak na pagkatalakay ng mga paksa | May pagtatangkang talakayin ang mga paksa | Hindi natalakay ang paksa |

1. Habang si Carlos Garcia ay nasa ibang bansa at dumalo ng isang mahalagang kumperensiya, kailan siya nakatanggap ng tawag na kailangan niyang umuwi agad sapagkat ang Pangulong Magsaysay ay nasawi sa isang sakuna at kailangan niya itong palitan?

2. Sa anong taon nangyari ang kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng politika sa ating bansa na magkaiba ang partidong pinagmulan ng pangulo at pangalawang pangulo?

3. Kailan pinagtibay ng Kongreso ang inihandang Kodigo sa Pagbabago sa mga Lupang Sakahan (Agricultural Land Reform Code) ni Diosdado Macapagal?

4. Kailan ipinalabas ang Manila Declaration na naglalahad ng mga alituntunin ng MAPHILINDO?

5. Kailan nilagdaan ang samahang MAPHILINDO?

6. Sino ang ikaapat na pangulo ng Ikatlong Republika?

7. Sino ang panglimang pangulo ng Ikatlong Republika?

8. Sino ang pangalawang pangulo ni Garcia na hindi nagwagi sa halalan noong 1957?

9. Ano ang tawag sa samahang itinatag noong panahon ni Pangulong Macapagal na binubuo ng mga bansang Malaysia, Pilipinas, at Indonesia.

10. Sino ang pangulo ng bansang Malaysia na kasamang lumagda sa samahang MAPHILINDO noong Hulyo 31, 1963?

| Linggo 7 | Ang Panunungkulan ni Ferdinand E. Marcos (Disyembre 30, 1965 – Pebrero 25, 1986) |
|---|---|



## Panimula

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets** ) ay dinisenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-anim na baitang upang matalakay ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maipamalas ang mapanuring pag-unawa sa mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:


**Aralin 1: Ang Panunungkulan ni Ferdinand E. Marcos (Disyembre 30, 1965 – Pebrero 25, 1986)**

**Aralin 2: Ikalawang Administrasyon ni Marcos**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. nasusuri ang mga patakaran at programa ng pamahalaan upang matugunan ang mga suliranin at hamon sa kasarinlan;
2. naiisa-isa ang mga kontribusyon ng bawat pangulo na nakapagdulot ng kaunlaran sa lipunan at sa bansa;

3. nakabubuo ng kongklusyon tungkol sa pamamahala ng mga nasabing pangulo.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Suriin ang sumusunod na mga programa at patakaran ng pamahalaan. Isulat ang **FM** sa linya kung ang nakatalang pagbabago ay nagawa ni Pangulong Marcos at isulat ang **ekis (X)** kung hindi.

__________ 1. Itinatag ang samahang ASEAN

__________ 2. Inilunsad ang Patakarang Pilipino Muna

__________ 3. Ipinadala ang PHILCAG sa Vietnam

__________ 4. Binago ang Araw ng Kalayaan ng Pilipinas mula Hulyo 4 sa Hunyo 12

__________ 5. Napag-usapan ang isyu hinggil sa Sabah


__________ 6. Nabuo ang NAMARCO Act

__________ 7. Ipinatayo ang Cultural Center of the Philippines

__________ 8. Binigyang-halaga ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagdaraos ng taunang Republic Cultural Heritage Awards

__________ 9. Pinagtibay ng Kongreso ang Kodigo sa Pagbabago sa mga Lupang Sakahan

__________ 10. Inilunsad ang Green Revolution



## *Pag-aralan*

### Aralin 1: Ang Panunungkulan ni Ferdinand E. Marcos (Disyembre 30, 1965 – Pebrero 25, 1986)

Sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong Macapagal ay hindi lubos na nabigyan ng lunas ang mga suliraning pangkabuhayan at panlipunan sa bansa. Ito ang naging dahilan ng kanyang pagkatalo sa eleksiyon noong Nobyembre 9, 1965. Sa halip, nagwagi si Ferdinand Marcos bilang ikaanim na pangulo ng Ikatlong Republika at si Fernando Lopez bilang Pangalawang Pangulo. Sila ay kapwa kabilang sa Partido Nacionalista. Noong araw na siya ay nanumpa bilang pangulo noong Disyembre 30, 1965 ay ipinahayag niya sa taong-bayan na "ang Pilipinas ay magiging dakilang muli" sa panahon ng kanyang panunungkulan.

### Mga Patakaran at Programa

Nangunguna sa mga suliraning kinaharap ng bagong pamunuan ang mga suliraning pangkabuhayan at pampolitika. Kaya naman, sa kanyang panunungkulan ay maraming programang pangkaunlaran ang ipinatupad. Naglunsad siya ng malawakang programang

pang-impraestruktura. Nagpagawa siya ng mga tulay, kalye, paaralan, irigasyon, at iba pa. Upang maisagawa ang mga ito ay hinimok niya ang Kongreso na gumawa ng bagong batas hinggil sa pagtataas ng buwis. Gayundin umutang ang pamahalaan sa mga bangko at sa iba pang mga bansa.

Muling nabuhay ang pag-asa ng mga mamamayan na mahahango na ang bansa sa kahirapan dahil sa mga unang taon pa lamang ng panunungkulan ni Pangulong Marcos ay malaking pagbabago na ang nangyari sa bansa. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

1. paglaki ng produksiyon ng bigas at mais dahil sa paggamit ng modernong paraan ng irigasyon at pagsasaka
2. pagbaba ng bilang ng kriminalidad
3. pagbaba ng mga katiwalian sa pamahalaan
4. pagpapalawak at higit na pagpapabuti ng mga programa sa reporma sa lupa
5. pagpapalaganap ng mga paglilingkod na pangkalusugan sa mga pook-rural
6. paglulunsad ng Luntiang Himagsikan (*Green Revolution*) para matugunan ang pangangailangan sa pagkain
7. pagtugon sa gawaing kultural sa bansa sa pamamagitan ng pagtatag ng Cultural Center of the Philippines
8. pagpapalawak ng pakikipag-ugnayang pandaigdigan ng Pilipinas

## Pakikipag-ugnayang Panlabas

Naging masigasig din si Pangulong Marcos sa pakikiisa o pakikilahok sa mga gawaing internasyonal kasama ang mga bansa sa Asya-Pasipiko. Kaya naman, bilang pagtulong sa digmaan sa Vietnam ay ipinag-utos niya noong Setyembre 1966 na ipadala ang Philippine Civic Action Group (PHILCAG). Ang grupong ito ay binubuo ng mga sundalo, inhenyero, nars, at mga doctor upang manggamot sa mga libo-libong sibilyan ng Timog Vietnam at tumulong sa pagtatayo ng mga tahanang napinsala ng digmaan.

Gayundin sa paanyaya ni Marcos ay idinaos noong Oktubre 24-25, 1966 ang *Manila Summit Conference* na dinaluhan ng mga bansang Estados Unidos, Australia, New Zealand, Timog Korea, at Vietnam. Sa pulong na ito, tinalakay kung paano masusugpo ang paglaganap ng komunismo sa rehiyon ng Asya at Pasipiko.

Binigyang-pansin din ni Marcos ang pakikipag-ugnayan sa mga bansang Asyano. Noong ika-8 ng Agosto, 1967 ay nakiisa si Marcos sa pagtatatag ng ASEAN o Association of Southeast Asian Nations. Ang mga bansang kasapi nito ay ang Indonesia, Malaysia, Pilipinas, Singapore, at Thailand. Ang mga layunin ng samahang ito ay nakapaloob sa pahayag ng ASEAN, gaya ng sumusunod:

1. pagsusulong sa kaunlarang pangkabuhayan, panlipunan, at pangkultura ng rehiyon
2. pagtataguyod ng pagtutulungan sa mga kasaping bansa sa larangan ng lipunan, kabuhayan, siyensiya, at kultura
3. pagtataguyod ng kapayapaan at katatagan ng rehiyon sa pamamagitan ng pagpapairal ng batas at katarungan

4. pagtutulungan sa pagpapaunlad ng kasanayan ng kani-kanilang mga nasasakupan sa larangan ng edukasyon, propesyon, at teknikal na kaalaman
5. pagpapasigla sa pag-aaral ng kasaysayan at kultura ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya

## Aralin 2: Ikalawang Administrasyon ni Marcos

Si Marcos ay muling nahalal na pangulo noong ika-11 ng Nobyembre, 1969, gayundin ang kanyang pangalawang pangulo na si Lopez. Ngunit sa kanyang ikalawang termino ng pamumuno sa bansa ay naharap siya sa napakaraming mga sigalot at suliraning naging dahilan sa pagbagsak ng ekonomiya na nagbunsod naman sa pagkadismaya ng mga mamamayan. Ilan sa mga suliraning ito ay ang sumusunod:

1. paglaganap ng katiwalian sa pamahalaan
2. paglaki ng pagitan ng antas na pamumuhay ng mahihirap at mayayaman
3. pagkawalang-bisa ng Konstitusyon ng 1935 upang tugunan ang mga lumalalang suliraning panlipunan at pang-ekonomiyang suliranin ng bansa
4. pagtaas ng bilang ng kriminalidad
5. paglaganap ng komunismo at mga subersiyon

Bunga nito, nawala ang tiwala ng taong-bayan sa pamahalaan. Lumubha nang lumubha ang suliranin sa katahimikan at kaayusan. Sa mga pangyayari ding ito namulat ang kaisipan ng mga mamamayan, partikular ang mga estudyante at iba pang kabataan sa paggamit ng kanilang mga karapatang panlipunan at pampolitika. Ang kanilang mga kahilingan sa mga pagbabago ay nagbunga ng malawakan at mapusok na demonstrasyon at pamamahayag. Ito ay nagbunsod sa pagsasara at pagkaparalisa ng mga tanggapang pampamahalaan at pribado.

Isa sa mga hindi malilimutang karahasang humantong sa kaguluhan ay ang pagpapasabog ng granada sa Plaza Miranda noong Agosto 21, 1971 habang isang raling pampolitika ng mga kandidato ng Partido Liberal ang idinadaos. Siyam ang namatay at marami ang nasugatan. Ibinintang sa New People’s Army (NPA) ang pagpapasabog na ito subalit hanggang ngayon ay hindi pa rin napatutunayan kung sino talaga ang utak ng kaguluhang ito. Hindi rin malilimutan ang pangyayari nang tambangan si Juan Ponce Enrile na Kalihim ng Tanggulang Pambansa noong Setyembre, 1971. Pinalad na mabuhay si Enrile subalit noong 1986 ay ipinagtapat niyang isa lamang palabas ang ginawang pananambang sa kanya upang mabigyang-katwiran ang pagdedeklara ng Batas Militar sa bansa.

# *Mga Gawaing Pampagkatuto*

## Gawain 1

**Panuto:** Sa ibaba ay nakatala ang magagandang nagawa ni Ferdinand E. Marcos bilang panghuling pangulo ng Ikatlong Republika. Bilang pagpapahalaga sa kanyang mga ginawa, sumulat ng maikling paliwanag kung paano ito nakatulong sa buhay ng mga Pilipino at sa kaunlaran ng Pilipinas.

### Rubrik sa Pag-iskor sa Gawain 1 at 2

| Pamantayan | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Kaisahan | May kaisahan ang mga pangungusap | May kulang para sa kaisahan ng mga pangungusap | May kaguluhan o kulang ang kaisahan ng mga pangungusap | Walang kaisahan ng mga pangungusap |
| Paglalahad | Malinaw na nailahad ang mensahe | Medyo malinaw ang naisulat na mga ideya | Hindi gaanong malinaw ang mensahe | Walang malinaw na nailahad na mga mensahe tungkol sa paksa |
| Makatotohanan | Makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi gaanong makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | May mga bahagi na hindi makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi kapani-paniwala ang mga impormasyon o datos na ipinakita |
| Malikhain | Malikhain at masining ang paglalahad | May pagkamalikhain at masining ang paglalahad | May kakulangan sa pagkamalikhain at masining na paglalahad | Malaki ang kakulangan sa pagkamalikhain at masining na paglalahad |
| Masusing pag-aaral | Masusi ang pagkatalakay ng mga paksa | May ilang tiyak na pagkatalakay ng mga paksa | May pagtatangkang talakayin ang mga paksa | Hindi natalakay ang paksa |

.



Ferdinand Marcos

Pakikiisa ng bansa sa ASEAN

## Gawain 2

**Panuto:** Bilang kabataan, magtala ka ng simpleng mga bagay na maaari mong magawa upang makatulong ka sa pagpapabuti ng ating pamahalaan at maging sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng bansa.

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________
5. ____________________

## *Paglalahat / Repleksyon*

**3** — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

1. ______________________________________________

______________________________________________

2. ______________________________________________

______________________________________________

3. ______________________________________________

______________________________________________

**2** — 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…

1. ______________________________________________

______________________________________________

2. ______________________________________________


______________________________________________

**1** — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…

1. ______________________________________________

______________________________________________



# *Panapos na Pagtataya*

**Panuto**: Piliin sa hanay B ang maglalarawan sa nasa hanay A. Isulat ang titik ng wastong sagot sa patlang bago ang bawat bilang.

A

_______ 1. Juan Ponce Enrile

_______ 2. NPA

_______ 3. Nobyembre 11, 1969

_______ 4. Green Revolution

_______ 5. Ferdinand Marcos

_______ 6. Fernando Lopez

_______ 7. PHILCAG

_______ 8. Manila Summit Conference

_______ 9. Agosto 8, 1967

_______ 10. ASEAN

B

A. samahan ng mga bansang Asyano

B. matugunan ang pangangailangan sa pagkain

C. Pangalawang Pangulo ni Marcos

D. tinalakay dito kung paano masusugpo ang paglaganap ng komunismo sa rehiyon ng Asya at Pasipiko

E. Kalihim ng Tanggulang Pambansa noong Setyembre 1971

F. grupong binubuo ng mga sundalo, inhenyero, nars, at mga doktor

G. napagbintangang nagpasabog ng granada sa Plaza Miranda noong Agosto 21, 1971

H. itinatag ang ASEAN

I. muling nahalal na pangulo si Marcos

J. ikaanim na pangulo ng Ikatlong Republika

K. Ama ng Industriyalisasyon ng Pilipinas

## *Susi sa Pagwawasto*

**Linggo 4:**

**Paunang Pagtataya**

| | |
|---|---|
| 1. A | 6. B |
| 2. C | 7. A |
| 3. A | 8. C |
| 4. C | 9. A |
| 5. D | 10. D |

**Panapos na Pagtataya**

| | |
|---|---|
| 1. Corn | 6. Hapones |
| 2. Abaca | 7. Trade |
| 3. Tobacco | 8. Currency |
| 4. Coconut | 9. Nations |
| 5. Rehabilitation | 10. Agreement |

**Gawain 1**

| | |
|---|---|
| 1. T | 6. T |
| 2. T | 7. T |
| 3. M | 8. M |
| 4. M | 9. T |
| 5. M | 10. M |

**Gawain 2**

Tanggapin ang mga posibleng sagot ng mga mag-aaral

**Linggo 5:**

**Paunang Pagtataya**

| | |
|---|---|
| 1. B | 6. C |
| 2. A | 7. D |
| 3. A | 8. C |
| 4. C | 9. C |
| 5. B | 10. D |

**Panapos na Pagtataya**

Tanggapin ang mga posibleng sagot ng mga mag-aaral

**Gawain 1**

Tanggapin ang mga posibleng sagot ng mga mag-aaral

**Gawain 2**

| | |
|---|---|
| 1. EQ | 6. Q - Amelioration |
| 2. RM | 7. Q - Development |
| 3. EQ | 8. M - Marketing |
| 4. RM | 9. M - Treaty |
| 5. EQ | 10. M - Credit |

**Lingo 6:**

**Paunang Pagtataya**

| | |
|---|---|
| 1. H | 6. H |
| 2. H | 7. T |
| 3. T | 8. T |
| 4. T | 9. H |
| 5. H | 10. T |

**Panapos na Pagtataya**

| | |
|---|---|
| 1. Marso 17, 1957 | 6. Carlos P. Garcia |
| 2. 1957 | 7. Diosdado P. Macapagal |
| 3. Agosto 8, 1963 | 8. Jose Laurel Jr. |
| 4. Agosto 6, 1963 | 9. MAPHILINDO |
| 5. Hulyo 31, 1963 | 10. Tunku Abdul Rahman |

**Gawain 1**

**Tanggapin ang mga posibleng sagot ng mga mag-aaral**

**Gawain 2**

**Tanggapin ang mga posibleng sagot ng mga mag-aaral**

**Linggo 7:**

**Paunang Pagtataya**

| | |
|---|---|
| 1. FM | 6. X |
| 2. X | 7. FM |
| 3. FM | 8. X |
| 4. X | 9. X |
| 5. X | 10. FM |

**Panapos na Pagtataya**

| | |
|---|---|
| 1. E | 6. C |
| 2. G | 7. F |
| 3. I | 8. D |
| 4. B | 9. H |
| 5. J | 10. A |

**Gawain 1**

**Tanggapin ang mga posibleng sagot ng mga mag-aaral**

**Gawain 2**

**Tanggapin ang mga posibleng sagot ng mga mag-aaral**

## *Sanggunian*

Julian, A. et al. Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino 6, (2016) pp. 230-272. Phoenix Publishing House, Inc. 927 Quezon Avenue, Quezon City

Molave, A. et al. Lunday ng Kalinangang Pilipino 6, (2018) pp. 166-179. Sibs Publishing House, Inc. 927 Quezon Avenue, Quezon City

Department of Education. Most Essential Learning Competencies 2020.